N Transportasyon

Bumalik sa TOP ng N Transportasyon

Ipapakilala dito ang mga kailangang isaulo kung magmamaneho ng kotse, motor at bisikleta tulad ng nauukol sa lisensya, rehistrasyon, mga batas trapiko at aksidente.

1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver’s license)

1-1 Pagmamaneho ng sasakyan sa Japan

Kailangan ng lisensya kung magmamaneho sa Japan ng sasakyan o motorsiklo.

Kailangan din dala-dala ang lisensya tuwing nagmamaneho. Ang mga lisensyang kinikilala sa Japan ay ang mga sumusunod.

●Ang mga lisensyang puwede sa Japan

・Ang lisensyang natanggap sa Japan ・Internasyonal na lisensya na ipinagkaloob ng bansang kasali sa Geneva Convention
・Dayuhang lisensya (lisensya sa Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan at Italy)